

Isang Pananaw para sa

Hinaharap ng Transportasyon sa Seattle



Seattle
Department of
Transportation

PLANO SA TRANSPORTASYON NG SEATTLE

SA ISANG TINGIN | Agosto 2023

Ang Plano sa Transportasyon ng Seattle (Seattle Transportation Plan) (STP) ay isang 20-taong plano para sa kinabukasan ng transportasyon sa Seattle. Makakatulong ito sa paggabay kung paano natin ginagawang moderno at pinapanatili ang ating sistema ng transportasyon upang patuloy na ikonekta ang mga tao sa mga pagkakataon, sa kalikasan, at sa isa't isa. Ito ay isang plano upang magbigay ng maaasahang mga opsyon sa paglalakbay para sa mga tao at mga kalakal at upang muling isipin ang mga kalye bilang mga lugar na nakakaengganyo para sa mga tao, kultura, negosyo, libangan at mga pagtitipon. Ito'y isang pagkakataong magsama-sama—bilang Isang Seattle.

Itinatampok ng **STP Sa isang Tingin** ang mga pangunahing bahagi ng plano. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa buong dokumento ng STP (tingnan ang scannable code sa likod ng brochure na ito).

PANGITAIN

Ang resulta ng isang taong pakikipag-usap sa mga tao sa buong Seattle.

Ang Seattle ay isang pantay, masigla, at magkakaibang lungsod kung saan ang pagkilos sa paligid ay ligtas, patas, at napapanatili. Maa-access ng lahat ng tao at negosyo ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at mararamdaman na konektado sa kanilang komunidad.

MGA LAYUNIN

Hinubog ng mga tao ng Seattle, ang mga layuning ito ay tumutulong sa amin na gumawa ng mga desisyon tungkol sa aming hinaharap sa transportasyon.



Kaligtasan

Unahin ang kaligtasan para sa mga manlalakbay sa Seattle, na walang malubhang pinsala o nakamamatay na pag-crash



Pagkakapantay-pantay

Makipagtulungan sa komunidad at magpatupad ng mga kasanayan sa pagpapambungali upang matugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nauugnay sa transportasyon



Pagpapanatili

Tumugon sa pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagbabago at maging isang lente ng hustisya sa klima



Paggalaw

Magbigay ng maaasahan at abot-kayang mga opsyon sa paglalakbay na nagbibigay-daan sa mga tao at kalakal na makarating sa kung saan nila kailangan pumunta



Kakayahang mabuhay

Muling isipin ang mga kalye ng lungsod bilang nag-aanyayang mga lugar upang magtagal at maglaro



Pagpapanatili at Modernisasyon

Pagbutihin ang imprastruktura ng transportasyon ng lungsod at ihanda ito para sa hinaharap

MGA PANGUNAHING PAGGALAW

Tinutulungan tayo ng mga Pangunahing Paggalaw na makamit ang Pangitain ng STP at Mga Layunin. Para mas mabilis na magawa ng Seattle ang magagandang pagbabago, kailangan nating gumamit ng mga kilalang pamamaraan na gumagana at sumubok ng mga bagong paraan na tumutugma sa gusto ng ating mga komunidad.

Kaligtasan

- Bawasan ang bilis ng mga sasakyan upang mapataas ang kaligtasan
- Ituon ang mga pamumuhunan sa kaligtasan sa ating mga madalas na mayroong banggaan na mga lokasyon
- Gawing mas ligtas ang lahat ng paglalakbay, mula sa pag-alis hanggang sa destinasyon
- Magbigay ng mas ligtas na mga ruta patungo sa mga paaralan, parke, transit, mga lugar ng pagtitipon ng komunidad, at iba pang mga karaniwang destinasyon

Pagpapanatili

- Mapabuti ang kalidad ng hangin sa kapitbahayan at mga resulta sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng malinis, napapanatiling mga opsyon sa paglalakbay
- Mga luntiang lansangan ng lungsod sa pamamagitan ng landscaping at mga puno sa kalye upang mas mahusay na mahawakan ang pagbabago ng klima
- Itaguyod ang sigla ng kapitbahayan at pinahusay na kalusugan ng komunidad
- Suportahan ang paglipat mula sa fossil fuel patungo sa mga de-kuryenteng sasakyan para sa mga personal, komersyal, at mga biyahe sa paghahatid
- Isulong ang mga diskarte sa pamamahala sa kadaliang kumilos upang hikayatin ang paglalakad, pagbibisikleta, at pagbibiyahe

Kakayahang mabuhay

- Matapang na muling italaga ang espasyo sa kalye upang bigyang-prioridad ang mga tao habang pinapanatili ang access para sa paghahatid ng mga kalakal at pagtugon sa emergency
- Gawin ang mga hub ng komunidad at pagkilos bilang mga lugar na nakakaengganyo
- Magkatuwang na lumikha at pahusayin ang mga pampublikong espasyo para sa paglalaro at pagtitipon upang mapabuti ang kalusugan ng komunidad
- Buhayin at panatilihin ang mga pampublikong espasyo upang lumikha ng isang nakakaengganyo at para sa lahat ng mga edad na pampublikong kaharian

PAKIKIPAG-UGNAYAN SA ISANG TINGIN

Sa buong pakikipag-ugnayan sa STP, naabot namin ang libu-libong tao— upang bumuo ng kamalayan, marinig ang feedback, at magkatuwang na lumikha ng hinaharap na pananaw ng transportasyon sa Seattle.

Pagkakapantay-pantay

- Isentro ang mga boses ng mga komunidad na may kulay at mga grupong kulang sa representasyon sa mga proseso ng pagpapalano at paggawa ng desisyon
- Tugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa sistema ng transportasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga pamumuhunan para sa mga apektadong komunidad
- Alisin ang gastos bilang hadlang para lahat ay makasakay sa mga biyaheng kailangan nilang gawin

Paggalaw

- Lumikha ng tuluy-tuloy na koneksyon sa paglalakbay
- Gawing madali at kasiya-siyang mga pagpipilian sa paglalakbay ang paglalakad, pagbibisikleta, at pag-rolling
- Lumikha ng world-class na access sa transit at gawing mas madalas at maaasahan ang serbisyo
- Pahusayin ang sigla ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagsuporta sa paggalaw ng kargamento at paglago sa mga paghahatid
- Pamahalaan ang curbspace upang ipakita ang mga layunin at prioridad ng lungsod

Pagpapanatili at Modernisasyon

- Baguhin ang mga lansangan ng lungsod para sa kaligtasan at napapanatiling mga pagpipilian sa paglalakbay sa pamamagitan ng pinakamainam na oras ng pagpapanatili at pagpapalit ng asset
- Bawasan ang mga pagkakaiba-iba ng kapitbahayan sa kalidad ng mga kalye, bangketa, pampublikong espasyo, at mga tulay
- Ihanda ang mga lansangan ng lungsod para sa mga bagong opsyon sa paglalakbay at mga umuusbong na uso at teknolohiya

76,000+

Mga indibidwal na puntos ng data na nakolekta sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa STP

7,000+

Ang mga taong nakikibahagi sa mga pakikipag-ugnayan na kaganapan para sa STP

Hiniling namin sa inyo na gumawa ng STP kasama namin— at ito ang aming narinig.

“Ang oras para sa pagkilos ay matagal nang naantala.”

“[Transportation] ay dapat na abot-kaya ng lahat, na ang lahat ay dapat na nakakagamit ng transit, paglalakad, o pagbibisikleta nang mura.”

“Pagbutihin ang aming network ng pampublikong transit at, higit sa lahat, unahin ang mga hindi motorista sa aming espasyo sa kalye. Gumawa ng mas maraming bike at transit lane sa aming mga pangunahing corridors, alisin ang mga general travel lane at on-street na paradahan kung kinakailangan upang magawa ito. Dapat ay ligtas at maginhawang gamitin ang mga serbisyong ito.”

“Bigyang pansin ang karamihan na nagnanais ng mas ligtas, mas patas, mas matatag laban sa klima na mga paraan upang kumilos sa buong Seattle.”

“Tinatanggap ang kargamento at komersyal na trapiko, lalo na sa hilaga ng ship canal. Ang pagkakaroon ng sapat na mga alternatibong koridor ng trapiko kung sakaling magkaroon ng emergency, katulad ng, lindol at/o tsunami.”

“Ang pagpapanatili ay ang hindi kaakit-akit ngunit hindi kapani-paniwalang mahalagang trabaho na nagpapatingkad sa ating lungsod.”

“Ang mga komunidad na sukat sa tao, magkakaiba, at matitirahan ay nagbibigay katarungan bilang default. Mas maraming pabahay, trabaho, libangan, at mga oportunidad sa negosyo para sa lahat!”

“Kailangan namin ng mabilis, ligtas, abot-kayang transit na hindi nangangailangan ng paglalakad nang higit sa ilang bloke papunta sa isang hub.”


“Kapag mahusay na pagpapalano at pakikipag-ugnayan ang ginawa, dapat mayroong isang mabilis na landas sa pagbabago.”

“Ang pagkakapantay-pantay ay dapat na nasa gitna ng bawat inisyatiba. Ang pagpapabuti ng mga opsyon sa transportasyon/kaligtasan sa mga kapitbahayan na may sapat na transportasyon/kaligtasan... ay dapat sumunod pagkatapos ng pagpapabuti ng mga lugar na dating napabayaan.”

Ganito namin ginamit ang inyong feedback.



Impormasyon kung paano kami magsasagawa ng outreach sa hinaharap
Pakikipag-ugnayan



Gabay para sa kung saan at kung ano ang uunahin naming pamuhunanan
Prayoritisasyon



Istratehiya para sa kung paano namin babayaran at ipapasatupad ang plano
Istratehiya sa Pagpapatupad



Mga target na sumusubaybay sa progreso
Mga Panukala sa Pagganap



Direksyon ng patakaran na sumasalamain sa mga kahalagahan ng lungsod
Mga Polisiya



Mga mapa na nagpapakita sa amin kung saan gagawa ng mga pagpapabuti
Mga Network ng Pamumuhunan



Mga proyekto at mga programa para mapabuti ang sistema ng transportasyon
Mga Pangangailangan ng Programa at Proyekto

MGA ELEMENTO NG STP

Sa Bahagi I ng STP, pinag-uusapan namin kung paano nagtutulungan ang iba't ibang bahagi ng sistema ng transportasyon upang maabot ang aming mga layunin. Ang Bahagi II ay may espesyal na kabanata para sa mga partikular na paraan ng paggalaw at mahahalagang paraan ng paggagamit natin sa ating mga lansangan. Ipinapakita ng mga elementong ito ang aming malalaking plano upang suportahan ang mga pangunahing layunin at Mga Pangunahing Paggalaw ng plano. Ang ilang elemento ay mayroon ding mga mapa na nagpapakita kung saan kami unang magtutuon.

Kasama sa STP ang walong elemento:

- Taong Naglalakad
- Bisikleta at E-mobility
- Transit
- Kargamento at mga
- Panglungsod na Paninda
- Mga Kalyeng Pantao at mga Pampublikong Espasyo
- Pamamahala ng Curbside
- Bago at Umuusbong na Mobility
- Sasakyan

PAGSASAKILOS NG MGA PLANO

Sinabi sa amin ng mga tao sa Seattle na gusto nila ng malaki at mabilis na pagbabago sa kung paano sila bumibiyaha sa buong lungsod. Gusto namin ang inyong mga saloobin sa kung paano natutugunan ng draft na planong ito ang pananaw ng STP, kung paano kami magpapasya kung ano ang unang gagawin, at kung paano kami makakahanap ng pera. Sa ganitong paraan, maibibigay namin sa inyo ang mga pagbabagong gusto ninyo.

BAKIT NAMIN KAILANGAN ANG PLANONG ITO

Sa pagharap namin sa mahahalagang problema ngayon, kailangan din naming isipin kung paano magbabago ang ating sistema ng transportasyon sa paglipas ng panahon upang matugunan ang ating mga pangangailangan sa hinaharap.

Kailangan namin ng plano upang matulungan kaming gumawa ng matalinong mga pagpili at mamuhunan sa mga solusyon na tumutugma sa mga kahalagahan at layunin ng ating lungsod para sa hinaharap.

Isinusulong ng planong ito ang 7 resultang ito:

- Protektahan ang mga tao
- Mamuhunan sa pagkakapantay-pantay
- Linangin ang berdeng transportasyon
- Ikonekta ang mga trabaho at pabahay
- Palawakin ang abot-kayang access
- Isalamin ang mga prioridad ng komunidad
- Paunlarin at maging mapanlikha sa mga umuusbong na uso

Salamat sa inyong pakikibahagi sa pagbuo ng Plano sa Transportasyon ng Seattle! Aming inaasahan ang tuluyan na pakikipagtulungan sa inyo at sa inyong mga kapitbahayan upang lumikha ng sistema ng transportasyon na makakatugon sa ating pangkalahatang pangangailangan.

Kailangan ba ninyo ng higit pang impormasyon, may mga tanong, alalahanin, o komento?

Padalhan kami ng email sa: STP@Seattle.gov

Tawagan ang aming linya para sa voicemail: **(206) 257-2114**

Bisitahin ang STP Engagement Hub: **Gumamit ng scannable code**

